
**ANG KATAWA-TAWANG PANGAKO (RIDICULOUS COMMITMENT)**
**(Katawa-tawang Pananalig, Ika-2 Bahagi)**
**The Lord's FlockWorship Service Topic**

Ni: Sis. Techie M. Rodriguez

Agosto 30, 2025

Ang "katawa-tawang pangako" ni Elisha ay tumutukoy sa kaagad at lubos niyang pagtugon sa pagsunod sa Panginoon, noong tinawag siya ni Propeta Elijah (1 Hari 19:19-21). Iniwan niya ang masagana niyang buhay para sa layunin ng Diyos, ipinakita ni Elisha ang radikal at ganap na pananalig sa Diyos, paghikayat sa mga mananampalataya na ganap na tumugon sa tawag ng Diyos nang walang pag-aalinlangan.




1. **ANG PINAGMULAN NI ELISHA**
   Si Elisha, isang magsasaka mula sa mayamang pamilya, ay isang ordinaryong tao. Ang tawag at Paghahanda ni Elisha:
   1.1. Nakatanggap siya ng mahalagang tawag: buhay na makabuluhan, mahalaga, at may mataas na layuin.
   1.2. Niyakap niya ang tawag ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap niya sa pagbabago ng kanyang buhay.
   1.3. Pinili siya ng Diyos (1 Hari 19:16). Mga ordinaryong tao ang ginagamit ng Diyos, hindi ang mga matatalino (1 Cor. 1:27-29).
   1.4. Hinirang siya ng Diyos na kahalili ni Propeta Elijah (1 Hari 19:15-16). Sinabi ng Diyos kay Elijah na pahiran niya ng langis si Elisha bilang kahalili niya.
   1.5. Nagsimula ang tawag kay Elisha noong isinuklob ni Elijah ang kanyang balabal. Ang kilos na ito ay isang simbolikong kilos sa pagtatalaga kay Elisha sa propetikong ministeryo.
   1.6. Ang kanyang pagsunod ay kaagad at walang pag-aalinlangan dahil tumugon lamang siya sa Diyos (1 Hari 19:20).

2. **MGA BALAKID sa MINISTERYO ni Elisha:**
   2.1. **Pagiging paulit-ulit**. Pare-parehas ang mga gawain ni Elisha sa mahabang panahon, sa parehong kapaligiran, ngunit nanatili siyang tapat sa kanyang tungkulin (2Hari 2:1-11).
      2.1.1. Hindi nasira ang kanyang kalooban sa pakiusap ni Elijah na maiwan siya.
      2.1.2. Tapat siyang lingkod ni Elijah
      2.1.3. Siya ay masugid, determinado, at matiyaga.

   Tulad din nito ang ating buhay espiritwal na nakararamdam tayo ng pagkabagot, kawalang-kasiyahan, at walang pagbabago. Para labanan ito, gaya ni Elisha, dapat manatili tayong tapat sa ating sinumpaan at magtiyaga.

   2.2. **Pagsubok sa Pangako.** Ang pangako ni Propheta Elisha ay sinubok ng Diyos. Pinakiusapan siya ni Elijah na siya ay iwanan, ngunit nagpumilit pa rin siyang sumama, pagpapakita ng kanyang malalim na katapatan sa Diyos at sa pangakong paghalili kay Elijah.
      2.2.1. Tiyak ang desisyon ni Elisha at inialay niya ang lahat sa Diyos (1 Hari 19:20).
      2.2.2. Lubos ang pag-iwan ni Elisha sa nakaraan niyang buhay, sinasagisag nito nang gamitin niyang panggatong ang kanyang mga pamatok at mga araro.
      2.2.3. Ang pangako ni Elisha ay hindi nagbago tungo sa panibagong buhay, tinanggal ang posibilidad na bumalik sa lumang buhay sa pagsunog sa mga araro at pamatok.

Ang walang pag-aalinlangang pagsunod, katapatan, hindi natitinag na pananalig, at katawa-tawang pangako ni Elisha ang dahilan bakit naging kahalili siya si Elijah. Minana niya ang "dalawang bahagi" ng kapangyarihan ni Elijah, sa gayon nailipat sa kanya ang propetikong ministeryo ni Elijah, pagtupad sa kalooban ng Diyos.

Tulad din nito, masusubok din ang pangako natin sa Diyos. Kadalasan, mangyayari ito sa "gitna" ng ating espiritwal na paglalakbay, gaya ng karanasan ng mga alagad ni Hesus sa "gitna" ng dagat (Mt. 14:22*)* at mga Esraelita sa "gitna" ng mga kawal at malawak na karagatan (Exo. 14:22*).* Hindi tayo dapat sumuko bagkus mahikayat nawa tayo na gayahin si Elisha.

**Konklusyon:**
Ang "katawa-tawang (ridiculous) pangako" ni Elisha ay nagbibigay diin sa atin na tayo rin ay lubos na tumugon sa Kanyang tawag at walang pag-aalinlangan at pagsunod sa Kanyang tawag sa ating buhay na may determinasyon at pagtitiyaga.

**Pagninilay:**
Ano sa buhay mo ang kumakatawan sa "baka" at "araro"? Handa ka bang "sunugin" ang mga ito para tumugon sa tawag ng Diyos?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni:Vera I. Tuplano
Tags: #Pangako #Katapatan #Pagsunod
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/19hyHYfVdP/